

Alam mo ba...?

- Pinangangasiwaan ng isang Taxicab Board ang pagmamay-ari at pagpapatakbo ng mga taxicab sa Winnipeg.
- Dapat isumite ang mga reklamo sa Taxicab Board, at **hindi** sa despatsador na kumpanya.
- Labag sa batas na magdiskrimina o manligalig ng mga tao kapag nagbibigay ng mga serbisyo ng taxi.
- Ang lahat ng lisensyadong taxi ay mayroong mga camera na kumukuha ng mga litrato sa loob ng sasakyan. Maaaring gamitin ang mga litratong ito sa mga legal na paglilitis, kung magkakaroon ng isang insidente.
- Ang lahat ng litrato sa taxicab ay dapat panatilihin sa file para sa pinakamababang pitong araw.
- May karapatan na maagang humingi ng pamasaha ang mga tsuper ng taxi.
- Dapat palaging naka-on ang metro kapag nagsasakay ng mga pasahero ang taxi.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa taxicab, makipag-ugnayan sa:

Southern Chiefs' Organization

1572 Dublin Street
Winnipeg, Manitoba R3E 0L4
Telepono: 204-946-1869
Walang bayad: 1-866-876-9701
Email: shauna.fontaine@scoinc.mb.ca

Para maghain ng reklamo tungkol sa Winnipeg taxicab, makipag-ugnayan sa:

Taxi Board:

Telepono: 204-945-8919
Email: taxicabboardoffice@gov.mb.ca
Online:
www.gov.mb.ca/ia/taxicab/compliments_complaints.html

Kung may kaugnayan sa krimen ang iyong reklamo, tumawag sa Serbisyo ng Pulisya ng Winnipeg:

Pang-emerhensiyang linya: 911
Hindi pang-emerhensiyang linya: 204-986-6222



Sa pakikipagtulungan sa Inisiyatiba ng UN Women para sa Ligtas na Mga Lungsod at Ligtas na Mga Pamublikong Lugar at ng Winnipeg Safe City

MGA TAXICAB NG WINNIPEG

ANG IYONG GABAY SA KALIGTASAN NG PASAHERO



Ginawa ng Southern Chief's Organization sa pakikipagtulungan sa Winnipeg Safe City

Inuuna ang iyong kaligtasan

Para matiyak na ligtas ang iyong sasakyang taxi, mangyaring sundin ang mga tip sa kaligtasan na ito:

1. Kung kailangan mo ng taxi, tiyaking mag-book ng masasakyan sa isang kilala at maaasahang kompanya.
2. Kapag sumakay ka sa isang taxicab, isulat ang pangalan ng kompanya, numero ng cab, oras ng pagsundo at lokasyon kung saan sinundo.
3. Kumpirmahin na ang taxi na kinukuha mo ay ang inorder mo.
4. Palaging umupo sa likurang upuan.
5. Bago magsimulang magmaneho ang tsuper, tiyaking naka-on ang metro ng pamasahe (kahit na humingi kaagad ng pamasahe ang tsuper) at mayroong hawakan ang pintuan.
6. Tawagan o i-text ang isang tao para ipaalam sa kanya kapag sasakay ka na ng taxicab at kapag nakarating ka na nang ligtas. Bigyan siya ng mga detalye tulad ng pangalan ng kompanya at numero ng cab.
7. Kung sa pakiramdam mo hindi ka ligtas habang nakasakay, hilinging ibaba ka sa isang lugar na naiilawang mabuti kung saan maraming tao.
8. Kung sa pakiramdam mo ikaw ay nasa panganib habang nakasakay sa isang taxicab, tumawag sa 911.

Mga karapatan mo

Bilang isang pasahero ng taxicab, mayroon kang karapatang:

- Hindi diskriminahin dahil sa iyong kasarian o lahi.
- Hindi makaranas ng panliligalig o ng karahasan.
- Piliing huwag makipag-usap sa tsuper.

Huwag sakyang inarkilang taxi kung mayroon kang pag-aalinlangan sa iyong kaligtasan.

Paano magreklamo

Ang pagsakay ng taxi ay maaaring makatipid ng oras, maganda at ligtas na paraan para maglakbay sa Winnipeg. Gayunpaman, kung mayroon kang hindi magandang karanasan o pakiramdam na nanganganib, sa anumang paraan sa panahon ng iyong pagsakay, dapat maghain ka kaagad ng reklamo sa Taxicab Board.

Para maghain ng reklamo (o papuri) tungkol sa isang karanasan sa taxicab:

Makipag-ugnayan sa Taxicab Board:

- Sa telepono: 204-945-8919
- Sa email:
taxicabboardoffice@gov.mb.ca
- Online:
www.gov.mb.ca/ia/taxicab/complaints.html

Tiyaking mayroon kang mga sumusunod na impormasyon:

pangalan ng kompanya, pangalan ng tsuper (kung maaari), numero ng taxicab, mga may kaugnayang petsa, mga oras at mga lokasyon.

Ihain ang iyong reklamo sa loob ng pitong (7) araw. Pinapanatili lang sa file ang mga litrato mula sa pagsubaybay para sa pitong araw. Magiging mas madali ang pagpapatunay sa iyong kaso kung nakunan nila ng camera ang insidente.

I-follow up sa Taxicab Board dalawang (2) araw pagkatapos mong maghain ng reklamo.

Kung may kaugnayan sa krimen ang iyong reklamo, makipag-ugnayan sa hindi pang-emerhensiyang linya ng Serbisyo ng Pulisya ng Winnipeg sa **204-986-6222**